# TALAAN NG MGA NILALAMAN


PAHINA

**MGA PAHAYAG NG KANDIDATO** 10

**IMPORMASYON NG BOTANTE**

Batas Sa Mga Karapatan Ng Botante ....................... 2
Mga Nangungunang Tagaambag ............................ 3
Mga Mapagkukunan sa Website ng Kalihim ng Estado .... 3
I-track ang Inyong Balota ..................................... 3
Mensahe mula sa Kalihim ng Estado ....................... 4
Huwag nang Ipaantala, Bumoto Na Agad! .................. 5
Mas Maraming Araw, Mas Maraming Paraan ng VCA ...... 5
Mga Maikling Impormasyon .................................. 6
Mga Halalan sa California .................................... 7
Impormasyon Tungkol sa Mga Pahayag ng Kandidato ..... 8
Motor Voter sa California .................................... 57
Impormasyon sa Pagiging Pribado ng Pagpapaparehistro ng Botante ............................... 57
Abiso sa Electioneering ..................................... 58
Abiso sa Katiwalian sa Proseso ng Pagboto ............... 59
ID ng Botante sa California at Mga Kinakailangan sa Pagpapaparehistro .......................................... 60
Malayuang Naa-aacess na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ...................................... 61
Tulong sa Mga Botanteng May Kapansanan ............... 62
Mga Petsang Dapat Tandaan ................................ 63


# Mga Nangungunang Tagaambag sa Mga Kandidato ng Estado

Kapag nakalikom ng hindi bababa sa $1 milyon ang isang komite (isang tao o grupo ng mga taong tumatanggap o gumagastos ng pera para maimpluwensyahan ang mga botante na sumuporta o hindi sumuporta ng mga kandidato), dapat iulat ng komite ang nangungunang 10 tagaambag nito sa Komisyon sa Mga Patas na Kasanayan sa Pulitika (FPPC) ng California. Dapat i-update ng komite ang listahan kung may anumang pagbabago.

Available ang mga listahang ito sa website ng FPPC sa:
*fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html*

Upang malaman ang mga kontribusyon sa kampanya para sa mga kandidato o panukalang balota, bisitahin ang website ng Kalihim ng Estado sa *powersearch.sos.ca.gov*.

# Bisitahin ang Website ng Kalihim ng Estado upang:

- Tingnan ang patnubay sa botante na ito sa iba pang wika sa *voterguide.sos.ca.gov*
- Upang i-order ang patnubay na ito sa audio at malaking print na bersyon sa Ingles, Chinese, Hindi, Japanese, Khmer, Korean, Spanish, Tagalog, Thai, at Vietnamese nang walang bayad, pumunta sa *vote.ca.gov*
- Hanapin ang drop box, lugar ng botohan, o sentro ng boto na pinakamalapit sa inyo sa *caearlyvoting.sos.ca.gov*
- Hanapin ang inyong lugar ng botohan o sentro ng boto sa Araw ng Halalan sa *sos.ca.gov/elections/polling-place* O *voterstatus.sos.ca.gov*
- Tingnan ang katayuan at impormasyon ng inyong pagpapaparehistro sa *voterstatus.sos.ca.gov*
- Panoorin ang mga live na resulta ng halalan pagkatapos magsara ng botohan sa Araw ng Halalan sa *electionresults.sos.ca.gov*

# I-track ang Inyong Balota

Makakatanggap ang lahat ng botante ng mahahalagang update tungkol sa kanilang mga balota sa pamamagitan ng opisyal na tool sa pag-track na “Nasaan ang Aking Balota? (Where’s My Ballot?)” ng California. Ang pag-sign up ay wala pang tatlong minuto!

Maaari ninyong piliing makatanggap ng mga notification sa katayuan ng inyong balota sa pamamagitan ng text (SMS), email, o voice call, pati ng mga alerto kung may anumang isyu sa inyong balota at mga instruksyon sa kung paano ito maitatama upang matiyak na mabibilang ang inyong boto.

Huwag palampasin ang pagkakataong i-track ang inyong balota mula sa simula hanggang sa makumpleto ito! Bumisita sa *wheresmyballot.sos.ca.gov* para sa higit pang impormasyon.